

DEMOGRAPIKONG DATOS AT ARTSFUND

Nauunawaan ng ArtsFund na ang pagkolekta ng demograpikong datos mula sa iyong mga kawani at lupon ay puwedeng magdulot ng mga hamon sa logistics at personal, lalo na kung ang iyong organisasyon ay binubuo ng at/o nakasentro sa mga miyembro ng mga marginalized o naisasantabing komunidad. Ang proyekto ng pagtukoy sa pagkakakilanlan ay puwedeng maging komplikado, at kinikilala namin na bihira lang na naisasalamain sa mga demograpikong form ang pagiging masalimuot ng sanga-sangang karanasan sa buhay. Gusto naming maging ligtas para sa iyo at sa iyong komunidad ang pag-apply para sa grant na ito. Dahil dito, gusto naming magbahagi ng kaunting impormasyon kung bakit namin hinihiling ang datos na ito, kung paano ito ginagamit, at kung paano ito itinatabi.

BAKIT KAMI NAGTATANONG

Ang Community Accelerator Grant (Gawad na Pampatulin sa Komunidad) ay inilalaan upang paglingkuran ang sektor ng sining at kultura ng Washington sa kabuoan, at ang mga organisasyong pinangungunahan ng at naglilingkod sa Black, Indigenous, and other People of Color (BIPOC, Itim, Katutubo, at iba pang Taong may Kulay), mga taong Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, and Queer+ (LGBTQ+, Lesbiyana, Bakla, Bisexual, Transgender, Queer, at iba pa), mga taong may mga kapansanan, at mga taong matatagpuan sa mga lugar sa kanayunan – mga komunidad na madalas na pinakamalayo sa malakihang pagkakawanggawa – ay isasaalang-alang para sa pagsulong ng representasyon sa mga lugar na ito. Ang pagtatanong tungkol sa mga komunidad kung saan nakasentro ang iyong organisasyon at ang pagkolekta ng demograpikong datos tungkol sa iyong lupon at mga kawani ay nagbibigay-daan sa amin upang mas mahusay na maipatupad ang layuning ito at maipamahagi ang pondo nang may pag-iingat at hangaring nararapat para sa ganitong pamumuhunan. Hinihikayat ka namin na sagutin ang mga tanong na ito nang kompleto hangga't maaari.

PAANO ITO GINAGAMIT

Ang demograpikong datos na ibinibigay mo bilang bahagi ng iyong aplikasyon sa Community Accelerator Grant ay susuriin ng mga kawani ng ArtsFund. Pagkatapos, aalisin ang pagkakakilanlan ng mga aplikante sa datos at ibabahagi ito sa aming [Panel na Tagapayo sa Komunidad](#), na isang grupo ng mga pinuno sa kultura at pagkakawanggawa na mula sa iba't ibang heograpiya at demograpiya na pinagtipon-tipon nang may layuning tiyakin na nailalapit ang pagpapasya nang husto sa mga komunidad hangga't maaari. Kung pipiliin mong magbigay ng demograpikong datos, gagamitin ito bilang salik upang maisaalang-alang ang paggawad sa iyong organisasyon. Kung pipiliin mong sagutin ang mga tanong sa demograpikong datos ng “Hindi

alam/mas gustong hindi sagutin,” hindi ka parurusahan, pero hindi gagamitin bilang salik ang demograpikong representasyon upang maisaalang-alang ang paggawad sa iyo.

PAANO ITO ITINATABI

Itatabi ang mga datos sa iyong aplikasyon sa platform para sa aplikasyon sa grant ng ArtsFund, na Zengine ng WizeHive. WizeHive maintains a robust set of security policies and procedures, modeled after the NIST 800-53 security framework, moderate level. Puwede mong alamin pa ang tungkol sa seguridad ng datos nila [rito](#). Magtatabi rin ng backup ng mga datos sa secure na internal shared drive ng ArtsFund.

SINO ANG MAY AKSES

May akses sa mga datos ng aplikasyon ang mga kawani ng ArtsFund. Ibabahagi rin ang mga datos sa Paul G. Allen Family Foundation. Ginagamit ng ArtsFund at ng Paul G. Allen Family Foundation ang mga datos ng aplikasyon bilang mahalagang kasangkapan sa pagsusubaybay sa mga pagbabago sa sektor ng sining at kultura sa pagdaan ng panahon, sa pagtukoy sa mga larangang may pinakamalaking pangangailangan, at sa pag-evaluate sa sarili naming epekto. Maaaring magbahagi ng raw na datos ng aplikasyon sa mga kinontrata ng ArtsFund at ng Paul G. Allen Family Foundation bilang mga katuwang sa pananaliksik at ebalwasyon, alinsunod sa isang kasunduan sa pagiging kumpidensiyal, sa hinaharap. Ang demograpikong datos ay maaaring ibahagi nang sama-sama sa mga komunikasyon tungkol sa programa ng grant na ito at gamitin bilang batayan ng mga grant sa hinaharap, pananaliksik na pag-aaral, at pagsisikap sa adbokasiya. Ang demograpikong datos ng mga indibidwal na organisasyon, kabilang na rito ang mga sagot sa mga "nakasentrong" tanong na nakalagay sa form ng demograpikong impormasyon, ay hindi kailanman ibabahagi sa anupamang ibang partido o ilalathala nang wala ng iyong pahintulot.